# Ang Tunay na Puno ng Ubas Yugto 3

"18 Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo.19 Kung kayo'y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: nguni't sapagka't kayo'y hindi taga sanglibutan, kundi kayo'y hinirang ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan. 20 Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang aking salita, ang inyo man ay tutuparin din. 21 Datapuwa't ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa aking pangalan, sapagka't hindi nila nakikilala ang sa akin ay nagsugo. 22 Kung hindi sana ako naparito at nagsalita sa kanila, ay hindi sila magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y wala na silang madadahilan sa kanilang kasalanan. 23 Ang napopoot sa akin ay napopoot din naman sa aking Ama. 24 Kung ako sana'y hindi gumawa sa gitna nila ng mga gawang hindi ginawa ng sinomang iba, ay hindi sana sila nangagkaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayon ay kanilang nangakita at kinapootan nila ako at ang aking Ama. 25 Nguni't nangyari ito, upang matupad ang salitang nasusulat sa kanilang kautusan, Ako'y kinapootan nila na walang kadahilanan 26 Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin: 27At kayo naman ay magpapatotoo, sapagka't kayo'y nangakasama ko buhat pa nang una." (Juan 15:18-27)

Pagkatapos magsalita ni Jesus sa Kanyang mga alagad at Kanyang mga tagubilin sa kanila na magibigan sa isa't isa.Siya dito ay inihahanda sila sa sa gawain na kanilang haharapin sa nalalapit.

"18Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo." (Juan 15:18) Sinabi ni Jesus sa kanila dito na ang sanglibutan ay kamumuhian sila. Ang salitang "kapopootan" ay inulit ng pitong beses at binigyang diin dito ang importante sa Salita ng Diyos. Ang Panginoong Jesus dito ay nagbabala sa mga alagad at sa atin ngayon. Sinasabi Niya dito at sinasabi Niya sa atin na sila at tayo ay kailangan magkaroon ng higit na pagibig kaya't sila at tayo ay makayanan na harapin ang poot ng mundo laban sa kanila at sa atin ngayon.

Sinisigurado Niya sa kanila at sa atin ngayon na ito'y mangyayari at ang mga tao ay kapopootan sila at tayo tulad ng pagkapoot nila sa Kanya.

Makinig dito, hindi mapanganib na kapootang ng mundo mayroon tayo laban sa atin subalit ang mapanganib ay gaano ang pagibig na mayroon tayo tungo sa kanila. Ang tunay na panganib ay kung saan wala tayo sapat na pagibig tungo sa mundo na napopoot sa atin.

Kung tayo ay nabubuhay sa ating buhay ay marami ang umiibig sa atin,tapos ay may maling bagay sa atin at hindi sa mundo. Sila'y dapat namumuhi sa atin kaysa ibigin tayo. Ngunit kung tayo ay makikipagkasundo sa bagay na hindi ipinahintulot ni Jesus na gawin natin, tapos ang mundo ay mamahalin tayo.

Kaya ngayon, kailangan natin magkaroon ng higit na kaalaman na sumunod kay Kristo ,kapootan tayo ng mundo, bilang pagkapoot nila Kay Jesus, at sa katotohanan na ito nalalaman natin na gusto ng Diyos na manatili tayo mag bunga at mamunga ng higit para sa kaluwalhatian ng Diyos Ama ng sa ganon Hindi tayo mawala at itapom sa apoy.

Kaya naman, kailangan magkaroon tayo ng higit na pagibig at higit na bunga ng Banal na Espiritu, at higit na manatili sa Kanyang pagibig, ganon din hindi natin kailangan na kumilos katulad nga mga tao na hindi nakakakilala sa Diyos at simulan gawin ang kapareho sa pagkamuhi sa iba.

Kung tayo ay kinamumuhian at nagugulumihanan, gusto ng Diyos na tayo ay magpatawad, huwag maghiganti, huwag gumanti, at huwag magbanta. Sa ganitong paguugali upang makamit natin ay kailangan mula sa atin ay may higit na pagsunod sa Kanya, higit na pagsunod sa simbahan,sa Kanyang Salita, at sa Kanyang pagibig.

"18 Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo." ( Juan 15:18) Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad at sa atin ngayon na kung sila at tayo ay magmumula sa mundo at kikilos sa kaparaanan ng mundo, ang sanglibutan ay mamahalin sila at mamahalin tayo. Sinasabi ni Jesus sa kanila at sa atin ngayon na kung sila at tayo ay makikisama sa hindi mananampalataya sa sanglibutan, sila'y magsisiibig sa kanila at iibigin tayo sapagkat sila at tayo ay gumagawa ng katulad na maling ginagawa ng iba. Datawpa't kung saan sila at tayo ay nakahiwalay mula sa mundo at hindi ginagawa ang masama bagay ng mundo, ang sanglibutan ay kamumuhian sila at tayo.

Nabubuhay tayo sa mundo, ngunit pinili tayo ng Diyos sa labas ng mundo upang mamuhay at gawin ang naayon sa ano ang kailangang ni Jesus at Kanyang Salita na isabuhay natin. Samakatuwid kailangan natin tiisin ang mga tao sa pagkapoot nila sa atin kung tayo ay desidido na sumunod Kay Jesus at manatili sa Kanyang kalooban at lumakad sa Kanyang kaparaanan.

"20 Alalahanin ninyo ang salitang sa inyo'y aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang aking salita, ang inyo man ay tutuparin din." (Juan 15:20) Si Jesus ay nagpaalala dito sa Kanyang mga alagad at ipinapaalala Niya sa atin ngayon na tayo na nagsisilbi sa Panginoon, tayo ay hindi makakahigit kaysa sa ating Panginoon Jesu Kristo. Kung pinagusig nila si Jesus, tayo din ay paguusigin. Kaya may posibilidad na dumating sa ating buhay. Sinabi din ni Jesus "kung tinupad nila ang aking salita, sa inyo man din ay tutuparin, kaya ibig sabihin dito ay

may posibilidad na kanilang iingatan o babalewalin ang Salita ni Jesus. Kaya kung tayo ay nagpapahayag sa mga tao maari nila ingatan ang Salita ng Diyos o hindi, ngunit huwag dapat tayong magalit at sumama ang loob kung tanggihan ng tao ang Salita ng Diyos.

Sinabi ni Jesus, Kung ako'y kanilang pinagusig, kayo man ay kanilang paguusigin din: Na ibig sabihin na tayo ay maaring paguusigin ng direkta kung saan tayo ay babantaan kung kailan natin ipinapahayag ang Salita ng Diyos sa mga tao ng sanglibutan na nakapaligid sa atin. O paguusig ay darating laban sa atin mula sa demonyo sa hindi direktang paraan kung tayo ay nagugulumihanan ng problema, sa ating kalusugan, pinansyal, kaguluhan sa ating pamilya, o anumang paraan na gagamitin ng demonyo upang hadlangan tayo na magpatuloy at ihayag ang Kanyang Salita sa mga nawawala.

Lahat ng kaguluhan ito ay darating sa atin dahil naniniwala tayo Kay Jesus at sumusunod tayo sa Kanya."21 Datapuwa't ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa aking pangalan, sapagka't hindi nila nakikilala ang sa akin ay nagsugo." (Juan 15:21) Si Jesus dito ay nagbigay ng rason kung bakit silang mga tao ay gumagawa ng ganito bagay laban sa atin sapagkat hindi nila nakikilala ang Diyos Ama na nagpadala kay Jesus, Anak ng Diyos at hindi nila nakikilala si Jesus at dahil dito sila'y napopoot sa atin. Kaya kailangan natin magtiis na maipakita ang ating pagibig patungo sa Panginoon sa pagsunod sa Kanyang mga utos at tagubilin, at magpatuloy na gawin ng sa ganon na ang pagibig ng Diyos ay mahayag sa pamamagitan ng ating buhay at ng sila'y lumapit at maniwala sa Panginoon at sa huli makita Siya at makilala ang Diyos Ama na siyang nagpadala sa Kanya sa sanglibutan upang iligtas ang mga makasalanan. Kaya ito ang ating takdang aralin na kailangan natin na magpatuloy na maipakita ang pagibig sa mundo at sa mga sumusunod:

1. "22 Kung hindi sana ako naparito at nagsalita sa kanila, ay hindi sila magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y wala na silang madadahilan sa kanilang kasalanan." (Juan 15:22) Dumating si Jesus at nagsalita sa sanglibutan ng Salita ng Diyos. Kailangan natin gawin ang katulad. Kailangan natin magpatuloy na ipahayag ang Salita ng Diyos sa mga tao nakapaligid sa atin, kahit na silay napopoot sa atin katulad ng pagkapoot nila Kay Jesus. Sinabi ni Jesus mula noong narinig nila ang Salita at hindi tumugon sa tawag ng Diyos tapos ito'y kanilang mga kasalanan, na silay tatanggap ng paghatol para dito. Wala sila dahilan pagkatapos nila marinig ang Salita ng Diyos at hindi nila sinunod.

"23 Ang napopoot sa akin ay napopoot din naman sa aking Ama." (Juan15:23) Sinabi ni Jesus sa mga alagad at sinasabi Niya sa atin ngayon na saan ang mga tao ay kapopootan ang Salita ng Diyos na ang mga alagad at ano ang ipinapahayag natin ,sila'y hindi napopoot sa atin na nagiisa kundi kinapopootan nila si Jesus at ang Diyos Ama na nagpadala kay Jesus at nagpadala sa atin upang ipahayag ang Kanyang Salita.

2. " Kung ako sana'y hindi gumawa sa gitna nila ng mga gawang hindi ginawa ng sinomang iba, ay hindi sana sila nangagkaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayon ay kanilang nangakita at kinapootan nila ako at ang aking Ama." (Juan 15:24) Si Jesus ay Diyos, at dumating at ginawa nh gawain ng Diyos na ang Panginoon nagutos sa Kanya na gawin. Ano ang ginawa ni Jesus sa mundo ay hindi ginawa ng mga naunang tao noon. Samakatuwid, tinawag tayo ulit hindi lamang magpahayag ng Salita ng Diyis kundi gagawin natin ang pinaka gawain na gusto ng Diyos na gawin natin. Kailangan natin gawin ang kakaiba na Gawain na nais na Jesus na gawin natin.

Si Noe hindi lamang nagpahayag ng Salita ng Diyos. Datawpa't ipinamuhay niya at ginawa ng eksakto ang pinaka gawain na kahilingan ng Diyos sa kanya na gawin, at sa ganitong paraan siya ay nagpatotoo sa Diyos at hinamon niya ang sanglibutan upang tumalima sa Diyos at sumunod sa Diyos. Tayo sa parehong paraan kung ginagawa natin ang sinsabi ng Panginoon na gawin natin at nagtitiyaga sa pag gawa dito sa kanila ng lahat ng paguusig tapos hinahamon natin ang sanglibutan na tumugon sa tawag ng Diyos, na magbago, sumunod Kay Kristo at mabuhay para sa Kanya. Kung ginagawa natin ang trabaho ng Diyos, ang mga tao ay pagtatawanan tayo, lilibakin tayo at uusigin tayo ngunit kailangan natin magtiis na gawin ang ating bahagi at magpatuloy na gawin hanggang matupad ng Diyos ang Kanyang layunin sa pamamagitan ng ating buhay at ating ministerio.

"25 Nguni't nangyari ito, upang matupad ang salitang nasusulat sa kanilang kautusan, Ako'y kinapootan nila na walang kadahilanan." (Juan 15:25) Upang kapootan ka ng sanglibutan at mga tao nakapalibot sayo ay ang katuparan ng Salita ng Diyos at ang propesiya ng nasa Kasulatan. Kinuha ni Jesus ang propesiya mula sa aklat ng Awit: "Huwag magalak sa akin ng may kamalian ang aking mga kaaway; ni magkindat man ng mata ang nangatatanim sa akin ng walang kadahilanan." (Salmo 35:19) Sila'y napopoot sa atin ng walang kadahilanan, ibig sabihin sila'y napopoot ng walang ginawa anumang masama ng ating sarili patungo sa kanila. Ng sa ganon gawin natin ang gawain ng Diyos ng walang magdulot ng sakit o pinsala sa iba at tayo manalangin katulad ng pananalangin ni David na antig kaaway ay hindi managumpay sa atin.

Ang kaaway ay hindi lamang kapootan tayo ng walang tunay na dahilan kundi tayo ay uusigin pa lalo at susubukin pa na sirain tayo at magdulot sa atin upang ibalik ano ang hindi natin nakuha. "Silang nangagtanim ng anomang kadahilanan ay higit kaysa sa mga buhok ng aking ulo; silang ibig na maghiwalay sa akin, na mga kaaway kong may kamalian, ay mga makapangyarihan: akin nga isinauli ang hindi ko kinuha." (Salmo 69:4) Kailangan natin maging alisto hindi lamang tungkol paano ang hindi mananampalataya ay pinagusig tayo at apihin tayo ngunit ang kailangan na higit na malaman natin na hindi dapat tayo gumanti o maghiganti at saktan ang mga tao nananakit sa atin. Sa ganito paraan tayo ay tiyak na tayo ay mabuti at epektibong patunay na para kay Jesus na ating tagapagligtas at Panginoong sa sanglibutang ito.

"26 Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin:” (Juan16:26) Si Jesu dito ay nangako na ipapadala Niya ang Banal na Espiritu na magpapatuloy mula sa Diyos Ama, at ang Banal na Espiritu kapag dumating ay magpapatotoo tungkol Kay Jesus at tutulong sa atin,

sasaklolo sa atin, ay suportahan tayo na pagtiisan upang magpatunay tungkol sa Panginoon Jesus sa iba na nasa sanglibutan na nakapaligid sa atin.

"27 At kayo naman ay magpapatotoo, sapagka't kayo'y nangakasama ko buhat pa nang una." (Juan 15:27) Si Jesus dito ay nagsalita sa mga alagad at sa atin ngayon, na kailangan nila at kailangan natin na magpatuloy na magpatotoo para kay Jesus habang ang Banal na Espiritu ay darating. Kasama ng tagubilin ito ni Jesus maiintindihan natin na hindi natin masasabi na ang Banal na Espiritu ang mag ministerio sa mga tao at hindi natin gagawin ang ating parte. Hindi ito tama. Ang dahilan ni Jesus na ipinadala Niya sa atin ang Banal na Espiritu ay upang tulungan tayo sa ating kampanya upang ipahayag ang Salita ng Diyos at upang gawin ang gawain ng lahat ng detalye na kinakailangan ng Diyos mula sa atin na gawin upang magpatotoo sa mga hindi mananampalataya na nakapaligid sa atin at upang hamunin sila na ibigay nila ang kanilang buhay kay Jesus at sumunod sa Kanya.

Sa aking mahal at minamahal: Hindi mapanganib na kapootan ng sanglibutan mayroon tayo laban sa atin datawpat ang mapanganib ay kung gaano ang pagibig na mayroon tayo tungo sa kanila. Ang tunay na panganib ay kung saan wala tayong sapat na pagibig patungo sa sanglibutan na napopoot sa atin.

Nabubuhay tayo dito sa mundo, datawpat pinili tayo ng Panginoon sa labas ng mundo na mabuhay at gawin ang naayon sa ano kailangan ni Jesus at Kanyang Salita na isapamuhay natin.

Kung tayo ay kinapopoatan at nasa kaguluhan, nais ng Diyos na tayo ay magpatawad, huwag maghiganti, huwag gumanti at huwag magbanta. Ang ganitong paguugali ay makakamit ay kailangan mula sa atin na magkaroon ng higit na pagsunod sa Kanya, higit na pagsunod sa Kanyang simbahan, at sa Kanyang pagibig.

Kailangan natin magpatuloy na ipahayag ang Salita ng Diyos sa mga tao nakapaligid sa atin, kahit na sila'y napopoot sa atin. Tinawag tayo upang magpatunay para Kay Jesus upang ihayag ang Kanyang Salita sa kanila.

Tinawag din tayo hindi lamang magsalita ng Salita ng Diyos kundi gawin natin ang pinaka gawain na nais ng Diyos na gawin natin. Kailangan natin ang kakaibang trabaho na nais ni Jesus na gawin natin.

Ang Salita ni Jesus sa atin, "27 At kayo naman ay magpapatotoo, sapagka't kayo'y nangakasama ko buhat pa nang una. (Juan 15:10) Tinawag tayo ngayong araw na ito upang magningning ng higit kasama ang pagibig ng Diyos at magpatuloy sa buhay na ito na magtiyaga na maipakita ang pagibig tungo sa mga tao kung saan kami'y tinawag na ipaabot at kahit sa mga umuusig sa amin, napoot sa amin, magdulot sa amin ng kaguluhan. Tinawag tayo upang magtiis na mamunga at magpatuloy na gawin upang mamunga hanggang dumating si Jesus upang kunin tayo kasama Niya sa langit.

Aking Panalangin: Ama naming Diyos, ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na kung saan namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita sa akin at salamat sa pagpapaalala mo sa akin upang sumunod sa iyo b pagibig at lumakad sa inyong pagibig at ibigin ang isa't isa. Salamat Panginoon sa pagpapaalala mo sa akin na ako'y uusigin at kahit kapopootan ng mula sa mga tao na kung saan ipinadala ako upang ipahayag ang iyong Salita sa kanila.

Panginoon ako nagsisisi mula sa mga sumusunod na mga kasalanan
Panginoon tinatalikuran ko ng lahat ito.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na hindi ko gagawin ang ano mang ginagawa ng mga taong nasa sanglibutan. Panginoon I pinagkakatiwala ko ang aking sarili na patawarin ang mga napopoot sa akin at sinaktan ako. Pinagkakatiwala ko aking sarili Panginoon na huwag maghiganti, huwag gumanti o bantaan sa simumang naging masama sakin ng walang kadahilanan.

Panginoon nanalangin ako na tulungan mo ako na makayanan ang lahat ng kabigatan ng buhay at paguusig. Panginoon tulungan mo ako na makayanan ko ang lahat ng atake ng kaaway at ang gawain ng kaaway na sinusubukan gawin ang laban sa akin bilang desidido upang magsilbi sayo at gawin ano ang iniuutos mo sa aking gawin. Panginoon buhay mo pa ako ng higit ng iyong pagibig at higit pa ng bunga ng iyong Banal na Espiritu upang tiisin ang poot at ang pagtanggi na aking pinagdadaanan. Panginoon protektahan mo ako at ibigay ang lahat ng aking kailangan at solusyon sa lahat ng aking suliranin upang magpatuloy na magsilbi sayo.

Hilingin mo sa Panginoon na masolusyunan ang suliranin na iyong pinagdurusahan. Panginoon tulungan mo ako na masolusyunan ang suliraning ito.

Panginoon ilayo mo ako sa gawain ng kaaway na nagpupursige na labanan ako at hadlangan ako sa pagsisilbi sayo.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na kung saan ipinagkatiwala nila ang kanilang sarili sa prinsipyo ng mensahe ito na mula sayo. Panginoon pagpalain mo sila at gawin silang higit na magtiis na mahiwalay ang kanilang sarili mula sa kasalanan, at magtiis sa kabigatan ng mundo at paguusig na ginagawa ng demonyo laban sa kanila sapagkat silay desidido na sumunod sayo. Panginoon pag kalooban mo sila ng higit na pagibig upang magpatuloy ba ibigin ang mga tao na tinawag sila upang I ministerio at abutin. Panginoon ibaba mo sa kanila ang iyong Banal na Espiritu upang sila'y makakilos at maabot ang mga tao at magpatoo sa kanila

kasama ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Panginoon tulungan mo ang bawat isa sa kanila na magbigay bunga na nais mong makita sa kanilang buhay.

Panginoon ipinapanalangin ko na ibaba mo sa amin ang iyong Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang kaloob ng Banal na Espiritu na kailangan namin sa aming buhay ng sa ganon madala namin ang iyong pagibig sa iba, at ganon din makapunta kami at makapagebanghelyo at makagawa ng bagong alagad at mabuo ang gawain na Iyong itinalaga sa amin na gawin. Panginoon protektahan mo kami mula sa masama at ibigay ang aming mga kailangan upang magpatuloy na magsilbi sayo.Panginoon protektahan mo kami mula sa paguusig at sa kapangyarihan ng dilim na nagpupursige na labanan kami. Panginoon sagutin mo ang aming mga panalangin upang makapamunga kami ng marami na magtatagal para sa iyong kaluwalhatian at maging patotoo sayo sa lahat ng dako ng mundo hanggang dumating at kunin kami kasama mo sa langit. Panginoon bigyan daan mo kami na makapagtanim ng bago pagaaral ng Bibliya at maraming kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain mo kami at palawakin mo ang aming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan upang sa ganon hindi kami masaktan. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at pagibig ng Diyos at ang pagkakaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.